

MGA MADALAS ITINATANONG sa Bagong mga kinakailangan sa pagpasok sa kindergarten

Ilang taon dapat ang aking anak para makapasok sa kindergarten?

Para sa taon ng pag-aaral 2022-23, ang mga papasok na estudyante sa kindergarten ay dapat na limang taon ang edad bago o sa panahon ng pagsisimula ng paaralan na kanilang papasukan. Ang mga estudyante na papasok sa Reno-Sparks area ay dapat na limang taon sa panahon o bago ang Lunes, Agosto 15. Maliban kung pumasok sila sa pre-kindergarten sa paaralan o sa home school setting at ang kaarawan ay bago ang Setyembre 30, 2022.

Gayundin, ang mga batang pumapasok sa isa sa mga paaralan sa kalendaryo ng konstruksyon ay gagamitin ang petsang Lunes, Agosto 29.

Ang bagong tuntunin ba na ito ay gagamitin sa lahat ng paaralan, kabilang ang mga charter school?

Oo, lahat ng mga estudyante sa estado ngayon ay kailangang sumunod sa bagong kinakailangang petsa n pagpasok na itinakda ng Nevada Department of Education. Ang pag-amyenda sa NRS 392.040 ay nag-uutos sa **mga estudyante na papasok sa kindergarten na dapat ay limang taon ang edad sa panahon o bago ang unang petsa ng taon ng pag-aaral.** Maliban kung pumasok sila sa pre-kindergarten sa paaralan o sa home school setting at ang kaarawan ay bago ang Setyembre 30, 2022.

Kung naglimang taon ang anak ko pagpatapos ng taon ng pag-aaral, tatanggapin ba sila sa kindergarten?

Sa kasawiang palad, binabanggit ng NRS 392.040 na para makapagsimula sa kindergarten ang isang estudyante, kailangan nilang maging limang taon sa panahon o bago magsimula ang taon ng paaralan kung sila papasok. Kaya, ang mga estudyante na maglilimang taon pagkatapos ng petsa ng pagsisimula sa balanced calendar, capital projects, o Incline calendar ay kailangang maghintay ng susunod na taon para makapasok sa kindergarten.

Ang aking anak ay kasalukuyang pumapasok sa pre-k program at hindi pa maglilimang taon sa panahon ng pagsisimula ng kindergarten. Maaari na ba silang pumasok sa kindergarten ngayong darating na pasukan?

Ayon sa Nevada Department of Education, para lamang sa taon ng pag-aaral 2022-2023, ang mga estudyante na pumasok sa preschool setting at ang kaarawan ay papatak sa pagitan ng unang araw ng paaralan at Setyembre 30 – ang dating petsa ng pagsisimula sa kindergarten- ay pinapayagang magpatuloy sa susunod na grade level.

Para tanggapin sa kindergarten, dapat kumpletuhin ng mga pamilya ang affidavit na nagpapahayag na ang kanilang anak ay pumasok sa preschool program – home based, private, o WCSD program AT maglilimang taon na sa o bago ang Setyembre 30, 2022. **Ang mga**

iksemsyon na ito ay para lamang sa mga batang pumapasok sa kindergarten para sa taon ng pag-aaral 2022-2023.

Kabilang dito ang:

- Mga batang apat na aon at pumasok nang isang taon sa pre-k at handa nang pumasok sa kindergarten; at
- Limang taong gulang na pumasok nang isang taon sa kindergarten na handa nang pumasok sa unang baitang, na ang petsa ng kapanganakan ay pumapatak sa loob ng window na inilalarawan sa itaas.

Ang aking anak ay akademikong handa na para sa kindergarten subalit hindi pa maglilimang taon pagkatapos ng pagsisimula ng taon ng pag-aaral. Maaari ba silang kumuha ng pagsusulit sa kahandaan para matanggap?

Ang pagtanggap sa kindergarten ay batay sa edad ng estudyante sa pagsisimula sa taon ng pag-aaral.

Lahat ng mga estudyanteng papasok sa kindergarten ay kumukuha ng pagsusulit sa kahandaan, subalit hindi sa anyo ng admisyon.

Ipagpalagay na ang aking anak ay lumipat sa Reno-Sparks area pagkatapos magsimula ang taon ng pag-aaral. Tatanggapin ba ang aking anak sa kindergarten?

Kung ang inyong anak ay limang taon sa petsa ng pagsisimula ng bagong paaralan, ang inyong anak ay tatanggapin sa kindergarten. Kung ang pamilya ay kailangang ilipat ang kanilang anak sa bagong paaralan, maaari silang pumasok kung ang estudyante ay limang taong gulang na sa pagsisimula ng paaralan at pumapasok sa paaralan sa kanilang lugar.

Ang mga estudyanteng nakakumpleto ng pre-kindergarten program na naglimang taon noong Setyembre 30, 2022, ay tatanggapin sa kindergarten. Ang mga magulang ay dapat magsumite ng affidavit na nakumpleto ang pre-kindergarten.

Nag-aalala ako na ang aking anak ay hindi matututo sa kindergarten kung maghihintay sila ng isa pang taon para magsimula sa paaralan. Anong mga opsyon ang available para masiguro na magiging matagumpay sila sa pagpasok nila sa kindergarten?

Maaaring pag-isipan ng mga pamilya na i-enrol ang kanilang anak sa preschool setting tulad ng Head Start o [early education program WCSD](#) na inaalok. Ang Children's Cabinet ay may listahan ng [child care providers](#) at [financial assistance](#).

Maaaring ihanda rin ng mga pamilya ang kanilang mga anak para sa [I'm Ready for K booklet](#) na may mga pamantayan ng Nevada Pre-K at mga bagay na maaaring gawin ng pamilya sa

tahanan. [Ang video na ito](#) ay tumatalakay sa mga pamantayan at kung ano ang maaaring gawin ng mga pamilya para suportahan ang kanilang mga anak.

Bakit binago ang petsa ng pagpasok sa kindergarten?

Noong Sesyon ng Lehislatibo 2021, binanggit sa amyenda ng NRS 392.040 na ang mga estudyanteng papasok sa kindergarten para sa darating na taon ng pag-aaral ay dapat limang taon sa panahon o bago ang pagsisimula ng taon ng pag-aaral. Lahat ng distritong paaralan sa estado ay kailangang sumunod sa tagubilin na ito simula sa susunod na taon ng pag-aaral.